

**MGA MAPAGKUKUNAN NG
ALAMEDA COUNTY PARA SA
KARAHASAN SA TAHANAN**

EMERHENSIYA

Pulis/Ambulansiya 911

24-ORAS NA MGA LINYA PARA SA KRISIS

Pambansang Hotline para sa Karahasan sa Tahanan
1-800-799-SAFE (7233)

A Safe Place
*510-536-7233

Pagbuo ng Kinabukasan kasama ng Kababaihan at Mga Bata
*1-866-292-9688

Ruby’s Place
*1-888-339-7233 o 510-786-1246

ILIGTAS
*510-794-6055

Tri-Valley Haven
*1-800-884-8119

Kababaihan Laban sa Panggagahasa sa Bay Area
510-845-RAPE (7273)

Family Violence Law Center
*1-800-947-8301

**MGA KANLUNGAN NG KABABAIHAN PARA
SA KARAHASAN SA TAHANAN**

A Safe Place
510-536-7233

Ruby’s Place
*510-581-5626

Pagbuo ng Kinabukasan kasama ang Kababaihan at Mga Bata
* 1-866-A-WAY-OUT

ILIGTAS
* 510-794-6055

Tri-Valley Haven
*1-800-884-8119

Women’s Inc. 415-864-4722

PAGPAPAYO

ACCESS	1-800-491-9099
Asian Mental Health	510-451-6729
La Clinica de la Raza	510-535-4170
Mujeres con Esperanza	510-536-4764

**MGA MAPAGKUKUNAN NG
ALAMEDA COUNTY PARA SA
KARAHASAN SA TAHANAN**

MGA AHENSIYA NG LEGAL NA SERBISYO

Asian Pacific Islander Legal Outreach	510-251-2846
Bay Area Legal Aid	1-888-330-1940
East Bay Community Law Center	510-548-4040
Family Violence Law Center*	510-208-0220
Legal na Tulong para sa mga Matanda	510-832-3040

SAVE TRO Clinic 510-574-2250

Tri-Valley Haven TRO Clinic 925-449-5845

MGA ABOGADO SA IMIGRASYON

Asian Pacific Islander Legal Outreach	510-251-2846
Bay Area Legal Aid	510-250-5270

Mga Kawanggawa na Katoliko
ng East Bay* 510-768-3100

Internasyonal na Institusyon
ng East Bay* 510-451-2846

Foundation ng Mga Mamamayang
Nagsasalita ng Espanyol 510-261-7839

REFERRAL AT IMPORMASYON

Eden I&R—pabahay at iba pang impormasyon	510-537-2552
Sentro ng Hustisya ng Pamilya	510-267-8800
Narika, S. Asian DV Program	1-800-215-7308
Mujeres Unidas Y Activas (MUA)	415-431-2562
Shimtu, Korean DV Program	510-547-2360

Impormasyon ng Biktima at Abiso Araw-araw
(Victim Information & Notification Everyday,
VINE) 1-800-511-1687

KOKONTAKIN NA MGA NAGPAPATUPAD NG

BATAS PARA SA KARAHASAN SA TAHANAN

Katulong na Sangay sa Biktima o Saksi ng Opisina ng Abogado ng Distrito ng Alameda County	510-267-8872
Kagawaran ng Pulisya ng Berkeley	510-981-5736
Tri-City - SAVE	510-794-6055
Kagawaran ng Pulisya ng Hayward	510-293-7034
Kagawaran ng Pulisya ng Newark	510-790-7249
Kagawaran ng Pulisya ng Oakland	510-238-3256
Kagawaran ng Pulisya ng Livermore	925-371-4987
Hindi emerhensiya	925-371-4900

Kagawaran ng Pulisya ng Pleasanton	925-931-5122
Hindi emerhensiya	925-931-5100
Kagawaran ng Pulisya ng Dublin	925-462-1212

*Isinasaad ang mga Kontratista ng
CalWORKs ng Alameda County
para sa Karahasan sa Tahanan

MATUTULUNGAN KA NG SSA

- Para sa tulong sa CalWORKs, makipag-usap sa iyong Tagapayo sa Trabaho.
- Para sa tulong sa mga problema ng karahasan sa tahanan, makipag-usap sa Social Worker na nasa lugar. Ang lahat ng sasabihin mo sa Social Worker ay pananatiliing kompidensyal maliban kung maghihinala ang Social Worker ng pang-aabuso sa bata o matanda, kung saan hinihiling sa mga Social Worker na iulat ito, o maliban kung nakapagsumite na ng ulat ng nasabing pang-aabuso. Para makipag-uganayan sa isang Social Worker, tumawag sa 1-800-246- 6833 (walang bayad) at mag-iwan ng mensahe; ibabalik ang tawag mo sa susunod na araw ng negosyo.

MAYROON KANG MGA KARAPATAN

- Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga desisyon ng County maaari kang humiling ng pagdinig.
- Kung hindi mo gusto ang nakalagay sa iyong “Welfare-to-Work na Plano,” umapela sa lalong madaling panahon.
- Kung hihiling ka ng pagdinig bago ang petsa ng pagpaparusa, patuloy mong matatanggap ang iyong mga benepisyo hanggang sa pagdinig.
- Makipag-ugnayan sa Bay Area Legal Aid o East Bay Community Law Center para sa tulong.

Ginawa ng Komite ng Proyekto sa Komunidad ng ACBA (Legal na Tulong para sa mga Matanda, Sentro sa Batas ng Kahirapan at Pagkakataong Bumuti ang Kabuhayan, East Bay Community Law Center, Bay Area Legal Aid, at Legal Aid Society ng Alameda County). Salamat sa Komite sa Pagpapayo sa Karahasan sa Tahanan ng CalWORKs sa Alameda County para sa tulong nitong gawin ang mas ligtas na mundo sa ito.

Ang disenyo at mga serbisyo sa paglilimbag ay ibinigay ng Pangasiwaan ng Manggagawa at Mga Benepisyo
Kagawaran ng Ahensiya ng mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County, sa pakikipagtulungan sa Mga Serbisyo sa Paglilimbag ng GSA.



Alameda County
**Social Services
Agency**



Mga Serbisyo sa Pang-aabuso sa Tahanan at CalWORKs

(800) 246-6833

Linya para sa Impormasyon at Referral

ANO ANG KARAHASAN SA TAHANAN?

- ◆ Pisikal na karahasan o mga pagbabanta
- ◆ Sekswal na pang-aabuso o mga pagbabanta—kasama ang sapilitang pakikipagtalik, pakikipagtalik sa tahanan na kinasasangkutan ng isang bata, o mga pagbabanta ng panggagahasa sa iyo o sa iyong mga anak.
- ◆ Pangkaisipan, emosyonal, at berbal na pang-aabuso
- ◆ Pagbubukod
- ◆ Pagkontrol sa kabuhayan
- ◆ Kapabayaan, pagkakait ng pangangalagang medikal
- ◆ Pagmamatyag
- ◆ Pinsala sa pag-aari o mga alagang hayop
- ◆ Pagkontrol o namimilit na pag-uugali

Ang taong nang-abuso sa iyo ay maaaring maging isang malapit na katuwang, kasalukuyan o dating asawa, magulang ng iyong anak, isang taong dini-date o naka-date mo, o isang tao na kasama mong nakatira. Ang tao ay maaari ring maging sinumang miyembro ng pamilya na kadugo, inampon, o kasal.

PAANO KO MAPAPATUNAYAN NA INABUSO AKO?

Ang iyong sinumpaang pahayag ay sapat na patunay ng pang-aabuso, maliban kung magbibigay ng nakasulat na tugon ang county na hindi ka nila pinaniniwalaan.

Kasama sa iba pang mga paraan upang mapatunayan ang pang-aabuso ay ang mga sumusunod:

- ◆ Mga ulat ng pulis o talaan ng hukuman.
- ◆ Nakasulat na patunay mula sa isang tagapayo sa karahasan sa tahanan.
- ◆ Programa, simbahan, tagabigay ng serbisyong medikal, o iba pang propesyonal na tumulong sa iyong kaharapin ang pang-aabuso.
- ◆ Mga sinumpaang pahayag mula sa sinumang nakasaksi o alam ang tungkol sa pang-aabuso.
- ◆ Anumang iba pang ebidensiya na sumusuporta sa paratang ng pang-aabuso.

PAANO KUNG HINDI KO MATUTUGUNAN ANG MGA KINAKAILANGAN UPANG MATANGGAP ANG AKING MGA BENEPISYO?

Hindi ka dapat ilagay sa panganib ng county o parusahan ka o ang iyong pamilya dahil sa pang-aabuso. Maaari mong hilingin sa county na huwag kang isama mula sa ilang mga kinakailangan (tinatawag itong mga kinakailangan sa “pagpapaubaya” o isang “waiver”). Magdedesisyon ang county kung gaano katagal ipapaubaya ang mga kinakailangan sa iyong kaso.

MAAARI MONG TALIKDAN ANG MGA SUMUSUNOD NA KINAKAILANGAN

- ◆ Ang mga limitasyon ng oras sa paghingi ng tulong.
- ◆ Mga kinakailangan sa Welfare-to-work na plano.
- ◆ Mga kinakailangan sa edukasyon.
- ◆ Pagtatatag ng pagiging ama.
- ◆ Kinakailangan para maghabol sa suporta sa bata.
- ◆ Ang mga limitasyon, sa ilang mga kaso, ay nadadagdagan sa mga magulang na mas marami ang mga anak habang may natatanggap na tulong (kapasidad ng pamilya/tuntunin ng Maximum Family Grant).
- ◆ Mga kinakailangan na kailangang tumira ang mga tinedyer na magulang kasama ng isang nasa hustong gulang.
- ◆ Ilang mga kinakailangan sa katayuan sa imigrasyon.

Maaaring talikdan ang karamihan sa mga kinakailangan (maliban sa pagkakait, kita, o mga ari-arian) kung kinakailangan upang protektahan ka at ang iyong mga anak. Gayunpaman, kailangan mong maipakita ang kaugnayan sa pagitan ng pang-aabuso at ng iyong pangangailangan ng isang waiver.

PAANO KUNG TATANGGIHAN AKO NG COUNTY NA BIGYAN NG ISANG WAIVER?

- ◆ Mayroon kang karapatang magreklamo sa pamamagitan ng paghahain ng isang karaingan o paghiling ng isang patas na pagdinig.
- ◆ Maaari kang matulungan ng iyong lokal na ahensiya ng karahasan sa tahanan o ng opisina ng mga legal na serbisyo. Tawagan ang mga numerong nakalista sa likuran ng pulyetong ito.

PAANO KUNG ISA AKONG WALANG DOKUMENTONG IMIGRANTE?

Kung ikaw ay isang walang dokumentong imigrante at isang biktima ng pang-aabuso, maaari kang mag-apply ng legal na katayuan dahil sa pang-aabusong iyon (tumawag sa isang programa ng mga legal na serbisyo para sa higit pang impormasyon). Kung mag-a-apply ka para sa legal na katayuan sa ilalim ng Batas ng Karahasan Laban sa Kababaihan (Violence Against Women Act, VAWA) o para sa isang U Visa (kahit na hindi ka pa naaaprubahan) o kung isa kang biktima ng pangangalakal ng tao (trafficking), maaari kang maging karapat-dapat para sa mga pampublikong benepisyo at kailangang magsumite ng isang aplikasyon kung interesado ka. Kailangan mong maglakip ng patunay na natanggap ng imigrasyon ang iyong papeles, na nag-apply ka o na inaprubahan ka, o sa kaso ng T Visa, kahit isang pahayag ng iyong nilalayong pag-a-apply. Hindi mangangailangan ng numero ng social security.

Kung hindi ka pa nakakapag-apply para sa paninirahan, makipag-ugnayan sa isa sa mga abogado sa imigrasyon na nasa likuran ng pulyetong ito tungkol sa iyong mga karapatan bilang isang nakaligtas mula sa pang-aabuso.

ANO NAMAN ANG TUNGKOL SA “PAGPAPALAGAY”

Ipagpapalagay ng County na mayroon kang access sa anumang pera o ari-arian na mayroon ang iyong sponsor (tinatawag itong “pagpapalagay”). Kung inabuso ka ng iyong sponsor, maaari mong iwasan ang pagpapalagay. Makipag-ugnayan sa isang abogado sa imigrasyon o ang iyong technician sa pagiging karapat-dapat upang malaman pa.

PAANO KUNG GUSTO MONG MAGTRABAHO?

Kung gusto mong magtrabaho ngunit natatakot kang baka sundan ka sa trabaho ng iyong katuwang, o kailangan mong lumiban sa pagpasok upang pumunta sa hukuman o upang asikasuhin ang iba pang mga pangangailangan na may kaugnayan sa pang-aabuso, maaari kang gumawa ng isang Welfare-to-Work na plano na nagpapahintulot sa iyong gawin ito.

- ◆ Kailangan magbigay ang county ng isang ligtas na paraan para makapagtrabaho ka sa pamamagitan ng paggawa ng mga plano sa trabaho at pag-aaral na maaari mong sundan nang ligtas.
- ◆ Ang iyong paglahok sa mga serbisyo ng karahasan sa tahanan (halimbawa, mga grupong nagbibigay ng suporta o pagkuha ng restraining order) ay maaaring bilangin bilang trabaho!

PROGRAMA NG KOMPIDENSIAL NA ADDRESS NG LIGTAS SA TAHANAN

Kung ikaw ay isang biktima ng pang-aabuso, maaari kang makakuha ng impormasyon sa kung paano makakakuha ng isang kompidensyal na address sa pamamagitan ng pagtawag nang **WALANG BAYAD** sa:

1-877-322-5227